

Panglungsod Na Pakikilahok ng Kabataan sa Proseso ng Budgeting Pilot




2023 Rulebook



Tungkol sa 2023 Rulebook

Itong 2023 ay binuo ng mga miyembro ng steering committee ng **YOUTH POWER PB Long Beach** para makapaglaan ng \$300,000 na pondo ng Measure US Youth Development sa pamamagitan ng panglungsod na proseso ng budgeting pilot ng Long Beach. Itong proseso ay sa pakikipagsosyo ng Lungsod ng Long Beach, Office of Youth Development (OYD), The Nonprofit Partnership o TNP (Pakikipagsosyo sa mga nonprofit), at nang Koalisyon ng Long Beach Invest Para sa Kabataan (IY). Itong proseso ay nilalayan na makatulong sa pagsulong ng mga layunin ng Long Beach Youth at ng Emerging Adults Strategic Plan o ang YSP (Kabataan ng Long Beach at Plano ng mga Emerging Adults)

Ano ang Participatory o PB (Pagsali sa Budget)?



Ang Participatory Budgeting (PB) ay isang demokratikong proseso na binuo sa Brazil nuong 1989. It ay isinasagawa sa maraming bansa at estado at mga lungsod kasama sa mga publikong pabahay, paaralan at mga organisasyon ng komunidad sa buong mundo.

Bilang kasali sa proseso ng paggawa ng decision, ang **PB ay pinapayagan ang mga miyembro ng komunidad na direktang magdesisyon kung paano gamitin ang bahagi ng budget ng publiko.**

Bagamat bawat inisyatiba ng PB ay kakaiba, ang proseso ay kadalasan nagbubuo ng **limang** hakbang na nagsasama ng mga miting ng publiko, pag-uusap, at pagbot, para ang publiko ay makalikha ng maalam na desisyon.

Bakit kailangan mag-pilot ng Youth PB Process?

YOUTH POWER PB Long Beach ay isang panglungsod na pakikilahok ng kabataan sa proseso ng pagbudget na naglalayon na:

- **Patatagin ang Ibinahaging Pangangasiwa:** Pahintulutan ang kabataan at mga adulto nang mas malawak na gagampanan sa desisyon ng budget at dagdagan ang kaliwanagan at responsabilidad sa gobyerno ng Lungsod ng Long Beach.
- **Palawaking ang Paglahok ng Mamayan:** Bigyan ng kapangyarihan at isali ang mga kabataan at mga bagong adulto, kasama pero hindi limitado sa mga Itim, Katututbo, kabataang may kulay, refugee, migrante at mga sistemang na-apektuhan sa decision at patakaran ng lungsod.
- **Mag-Invest Sa Pamumuno ng Kabataan:** Mag-aral ng kaalaman, kahusayan at sa kakayahan ng mga kabataan at batang adulto sa pag-likha at paghulma ng mga priyoridad ng budget at mga gastos sa Long Beach.
- **Itaguyod ang mga Koneksyon sa Komunidad:** Magsimula ng mga kolaborasyon at pakikipagsosyo kung saan ang kabataan at mga batang adulto sa buong lungsod ay mayroong oportunidad na makilahok nang mas malalim sa pagpapatatag ng mga investment sa kabataan ng

lungsod at nang binahaging pangangasiwa sa kanilang mga komunidad.

- **Paghulma ng Pantaypantay na Gastos Pampubliko:** Maglikha ng mga oportunidad para sa kabataan at mga bagong adulto na ihulma ang budget ng publiko para nang ang pagkukulang ay mapunta sa mga nangangailangan.

Mga Prinsipyong Gabay

Kasama sa mga prinsipyong gabay ay ang mga:

- **Pagbigay ng kapangyarihan:** Bigyan kapangyarihan ang mga kabataan at batang adulto ng Long Beach para makapag pasya kung paano tumatakbo ang PB sa kanilang mga komunidad at sa buong lungsod.
- **Kalinawan at Pananagutan:** Magbuo ng proseso ng PB na bukas at may pananagutan sa mga kabataan at kanilang pamilya ng Long Beach.
- **Pagsamasama/Inklusyon:** Isentro at isali ang kabataan at batang adulto na karaniwang wala masyadong pondo at naisangtabi sa paggawa ng desisyon sa budget ng publiko.
- **Pagkapantaypantay:** Tiyakin na ang mga komunidad at mga kapitbahayan na may pangangailangan ay magbigyang priyoridad sa paggawa ng desisyon.
- **Magtaguyod ng Komunidad na Nagmamalisakit:** Ipagsamasama ang mga

kabataan at batang adulto mula sa lungsod para makaliha ng komunidad na malusog, buo at masigasig.

2023 Layunin sa Pagpopondo

Ang mga layunin sa pagpopondo ay nakahanay sa mga layunin na nasa plano ng estratehiya para sa kabataan (YSP) at gagamitin para malaman kung paano pinipili ang mga ideya para sa proseso ng Pagpaunlad ng Panukala. Marami pang mga impormasyon sa mga buong layunin, pakay at mga panukalang aktibidad ay makikita sa estratehiya para sa kabataan (YSP).

- 1. Kalusugan at Kagalingan: Palakasin at padamihin ang mga organisasyon sa komunidad nang madagdagan ang pag-access sa mga mahalagang kalusugang pisikal, mental at pangdamdamin at mga pagkukunan ng kagalingan, pagsuporta, at mga serbisyo sa mga kabataan at bagong adulto.**

Ang mga panukala ay naglalayon na makagawa ng mga serbisyong pang pamilya at mga base sa komunidad na tumulong sa pagpapatatag at kagalingan ng mga pamilya. Itong mga panukalang ito ay may kahulugang pangkultura at pinag-iisipan ang mga epekto ng kapaligiran, tulad ng mga akademikong tema, trabaho at buhay, na buong buong maghulma ng mga serbisyo sa mga indibidwal na ekspirenysa ng kabataan.

- 2. Pagplano sa Hinaharap: Dagdagan ang mga oportunidad pang edukasyon at pag-access sa mga paraan na nagpapalawak sa kapital pang ekonomiko at paggalaw ng lipunan para sa kabataan at mga bagong adulto.**

Ang mga panukala ay naglalayon para matiyak ang pagsulong pang ekonomiko, panglipinunan ng mga kabataan sa Long Beach sa pamamagitan ng pagpapahusay ng pagunlad ng mga nagtratabaho at mga pagsulong ng mga karera para matiyak ang pagkamatatag ng mga pamilya at mapanatag ang kalooban sa pagpapalano ng hinaharap

sa pamamagitan ng edukasyon at sa pagsali ng mga kabataan, mga anak at mga magulang sa mga aktibidad na nagpapalakas sa kagalingang pang ekonomiya at panglipunan.

- 3. Pag-alaga sa Komunidad: 1) Pagiging konektado ng lipunan 2) Prebensyon at Interbensyon. Dagdagan ang mga ligtas, inklusibo na mga espasyo na nagpapaunlad ng pagunlad, koneksyon at paghilom, at nagaalaga aaruga ng sentido ng pagkakasali para sa mga kabataan at bagong adulto.**

Ang mga panukala ay naglalyon na lakihan ang mga pang komunidad na interbensyon at mga paraan na nakatugon sa komunidad para sa kaligtasan ng kabataan, at makalikha ng mga inklusibo at ligtas na espasyo para sa mga kabataan ng Long Beach, lalo ng na ang mga Iitim, Katutubo, LGBTQIA2S+ na kabataan, sistema na may epekto sa mga kabataan at kabataang may kulay – at mga alternatibo sa pagbilanggo sa mga kabataan nang lahat ng mga kabataan ay magkaroon ng oportunidad na makaramdam ng koneksyon, pagsapi, at nang umunlad sa kanilang komunidad at kapaligiran.

- 4. Pabahay: *Dagdagan ang mga pag-access sa ligtas, asegurado, at abot-kayang pabahay at mga legal na proteksyon para sa kabataan at mga bagong adulto.***

Nilalayon ng ng mga panukala na dagdagan ang mga ligtas, asegurado, at abot-kayang pabahay para sa mga kabataan at mga bagong adulto nang silay ay umunlad, mapanatili ang ligtas na kagalingan at sumulong sa paaralan.

- 5. Transportasyon: *Dagdagaan ang mga pag-access sa ligtas, at abot-kayang transportasyon para sa kabataan at bagong adulto.***

Nilalalayon ng mga panukala na bawasan ang mga balakid sa pagunlad pang ekonomiya sa pamamagitan ng pagdagdag sa pag-access at sa abot-kayang transportasyon para sa mga kabataan nang sila’y makakonekta sa mga kayamanan sa labas ng kanilang mga kapitbahayan, at mga pag-access sa mga serbisyo na nagpapalakas sa kanilang personal na pag-unlad at pagpapahusay.

Pagiging Karapatdapat sa Panukala

Para maging karapatdapat sa pagpondo, dapat makamit ng panukala ang mga sumusunod na pamantayan:

- Dapat sa pagitan ng \$10,000 at \$75,000.
- Isulong ang mga layunin ng Plano ng Estratehia ng Kabataan at Bagong Adulto ng Long Beach.
- Dapat makompleto ang mga panukala sa summer ng 2023.
- Dapat masakop ang mga pondo bago mag ika-30 ng Setyembre.
- Mga isang beses na gastos na maaaring makompleto na may pondo mula sa proseso ng PB ng taong 2023.
- Nagbubuo patungo sa isang positibong pagunlad ng kabataan at pagbago ng sistema sa partikular, nasusukat na mga paraan, na maaaring buuin sa bahagi ng Proposal Development.
- Pinakukala ng isang non-profit na organisasyon na nagbibigay ng mga proyektong pang summer sa kabataan at mga programa sa Lungsod ng Long Beach para sa mga kabataan sa edad na 8-24.
- Nagbebenepisyo sa mga kabataan at bagong adulto na may edad 8-24 ng Long Beach. Mga proyekto na pinakikinabangan lamang ng mga pribadong indibidwal o grupo na hindi karapatdapat.

Panukala sa Pagpondo

Pagpondo sa mga mananalong mga panukala ay galing sa Measure US. Measure US ng Lungsod na pinasa ng mga Botante ng Long Beach nuong 2020 at nagbibigay ng taunan pagpondo para sa kalusugang pampubliko, pagsisikap sa pagbago ng klima, at mga serbisyo at progama para sa mga bata at kabataan sa buong lungsod. Ang pokus ng populasyon ay kabataan at mga batang adulto na may edad 8-24. Nuong 2023, ang Lungsod ay naglaan ng \$300,000 para gamitin para sa mga proyekto at programang pang-summer ng PB.

Timeline at mga Bahagi ng PB

Ang proseso ng PB ay nagsasali ng mga serye ng mga hakbang na alinsunod sa taunang budget cycle ng lungsod. Ang cycle ng 2022-2023 ay mayroong limang pangunahing hakbang, simula Nobyembre 2022 at patuloy sa Oktubre 2023.

Preparasyon (Nobyembre 2022 – Enero 2023)

Pagpasa at disenyo ng proseso ng PB sa pamamagitan ng iba't ibang mga miting at retreat kasama ang Office of Youth Development, Youth Advisory Council, The Nonprofit Partnership, Invest in Youth Coalition, at ng PB Evaluation Team. Isang Steering Committee ay binuo nang makalikha ng Rulebook habang tinatapos ang budget ng PB at timeline.

Koleksyon ng Ideya (Pebrero - Marso 2023)

Malalaman ng publiko ang tungkol sa proseso ng pilot ng *YOUTH POWER PB Long Beach* sa panahon ng mga Sesyon ng Impormasyon. Mga nonprofit na organisasyon na tumatakbo sa Long beach at nagsisilbi sa kabataan na may edad 8-24 ay maaaring mag sumite ng mga ideya sa online at sa aming mga sesyon ng impormasyon. Habang bukas sa lahat ang mga Sesyon ng Impormasyon, yung mga nonprofit na nagsisilbi sa mga kabataan lamang ang karapatdapat magsumite ng mga ideya. Mayroong hindi lalagpas sa dalawang sesyon ng impormasyon: isang online at isang sa personal.

Pagbuo ng Panukala (Marso – Abril 2023)

Mga pangkat ng Delegado ng Budget ay sinasali ang mga Tagapagpatupad ng Panukala at mga Kabataang Delegado ng Budget. Lahat ng mga delegado ay kailangan dumalo sa isang sesyon ng oryentasyon kapag nabuo na ang mga pangkat.

Sa sesyon ng oryentasyon ng mga delegado, bawat Delegado ng Youth Budget ay sasali sa isang pangkat ng Delegado ng Budget para pagusapan at magbuo ng mga ideya para maging mga panukala para sa isa sa mga 5 lugar ng priyoridad sa pagpondo na nakalista sa itaas.

Bawat delegado ng budget ay mayaroong 1-2 facilitators mula sa Steering Committee. Kapang nagpraprioritize mga panukala, ang pangkat ng delegado ng budget ay pag-aaralan ang batayan na nagsasama ng pangangailangan, epekto at pagiging posible. Ang mga delegado ay gagamiting ang matrix ng pagkapantaypantay para masuri ang iba't ibang panukala at magsisikap na seguraduhin na ang mga panukala ay makamit ang kanilang pinaka kailangan at maisulong ang pagkapantaypantay na mabigyang priyoridad sa balota. Bawat pangkat ay ipapadala ang kanilang pinakahuling panukala sa Steering Committee at ang pangkat ng PB bago ang boto ng publiko.

Presentasyon ng Panukala at Botohan (Mayo 2023)

Mga pinakahuling panukala ay ipresenta sa komunidad sa pamamagitan ng kombinasyon ng sa personal na botohan at online na presentasyon ang botohan ay magaganap sa sa loob ng ilang araw at sa iba't ibang lokasyon, kasama ang sa personal na botohan at sa pamamagitan ng online na plataporma ng pagboto na ibinigay ng the Stanford Participatory Budgeting Platform (pbstanford.org).

Mga kabataan at mga bagong adulto ay karapatdapat bumoto para sa mga panukala kung sila ay: may edad na 13 hanggang 26 at nakatira o nagtrabaho o naglilibang sa Long Beach.

Bawat botante ay boboto ng isang beses. Bawat botante ay dapat magsomite ng apat na boto, ngunit isa lang bawat panukala sa panahon ng kanilang pagboto. Mga botante ay kailangan magsumite ng inimpormasyon at nagpapatunay ng pagiging karapatdapat. Mga panukala na may pinakamaraming boto ay ang popondohan.

Sertipikasyon ng Resulta at mga Pagpondo (Mayo 2023)

Ang Steering Committee (SC) at ang PB Team ay magpapatunay ng mga karapatdapat na boto sa ika-15 ng Mayo. Mga resulta ay isusumite sa The Nonprofit Partnership (TNP). Ikukumpirma ng TNP ang sakop ng trabaho at maglalabs ng mga kontrata sa mga nanalo bago mag ika-30 ng Mayo. Pagpapatupad ng mga panukala ay magsisimula.

Mga Papel at Responsabilidad

✓ = Mga Papel habang nasa bahagi ng PB

	Preparasyon	Koleksyon ng Ideya	Pagunlad ng Panukala	Presentasyon ng Panukala at Botohan	Pagpapatupad ng Panukala at Pagsusuri
Steering Committee	✓	✓	✓	✓	✓
Organisasyon na Nonprofit → Mga nagpapatupad ng Panukala		✓ <i>Nonprofit na mga Organisasyon</i>	✓ <i>Tagapagpatupad ng Panukala</i>	✓ <i>Tagapagpatupad ng Panukala</i>	✓ <i>Tagapagpatupad ng Panukala</i>
Delegado ng Budget ng Kabataan			✓	✓	✓
Kabataang mga Botante				✓	✓

Steering Committee

Ang Steering Committee ay binubuo ng mga kagawad mula sa Office of Youth Development's Youth Advisory Council at ng Invest in Youth Coalition, kasama ang mga may edad na 13-26 na nakatira, nag-aaral, nagtrabaho o naglilibang sa Long Beach.

Ang Steering Committee:

- Hulmahin at ipaalam ang Proseso ng PB.
- Magpayo sa lahat ng bahagi ng Proseso ng PB, kasama ang pagpapalano ng event, komunikasyon at pag-abot o outreach.
- Magsilbi sa mga pangkat ng Delegado ng Budget nang makatulong sa paghulma at pagpapaalam ng mga panukala at budget.

Mga miting: 2x/buwan at kung kinakailangan, sa personal o birtwal.

Mga organisasyon na nonprofit

- Dumalo sa mga Sesyon ng Impormasyon at magsumite ng mga ideya para sa mga posibleng panukala habang na sa bahagi ng Koleksyon ng Ideya.
- Maging boluntaryo bilang mga Tagapagpatupad ng Panukala sa Pangkat ng Delegado ng Budget.
- Magbigay ng mga sariling ideya at mga feedback sa mga panukala.
- Tumulong sa pag-abot o outreach at sa pagboto ng kabataan sa panahon ng botohan.

Mga Pangkat ng Delegado ng Budget

Bawat delegado ay dadalo sa isang sesyon ng oryentasyon ng delegado at sasali sa isang pangkat ng delegado ng budget para pagusapan ang mga panukala alinsunod sa isa sa 5 partikular na layunin ng pagpopondo. Ang mga pangkat ng Delegado ng Budget ay binubuo ng mga pinuno mula sa mga organisasyon na nagboluntaryo para maging Tagapagpatupad ng Panukala sa bahagi ng Pagpaunlad ng Panukala, pati na rin ang mga Delegado ng Kabataan Para sa Budget na kinilala mula sa steering committee. Ang mga pangkat ay mayroon din mga boluntaryo at iba pang mga dalubhasa.

Mga miting: 2x/buwan at kung kinakailangan kahit sa personal o birtwal.

<p><i>Pangkat ng mga Delegado Para Sa Budget</i></p> <p>Pag-aralan ang mga lokal na mga isyu, pangangailangan at mga serbisyo at programa na pangkabataan Manaliksik, pagusuapan, at ang prioyridad ng mga panukala Magbuo ng mga buong panukala, presentasyon ng panukala na ay tulong mula sa mga dalubhasa Mga delegado ay makikipagugnaya sa mga organisasyon sa mga panukala at maglikha ng proseso para sa kolaborasyon at feedback. Sumali sa proseso ng pag-aaral ng PB.</p>	
<p><i>Delegado ng Mga Kabataan Para sa Budget</i></p> <ul style="list-style-type: none">● Ayusin ang mga input mula sa koleksyon ng ideya● Mag-isip ng mga idea para gawing mga tunay na mga panukala● Gawing pormal ang mga detalye ng mga panukala para sa balota	<p><i>Mga Tagapagpatupad ng mga Panukala</i></p> <ul style="list-style-type: none">● Tumulong sa pagpaunlad ng mga ideya para gawing mga tunay na panukala● Magbigay ng mga wastong mga budget● Pag-aralan ang mga panukala para malaman ang maaaring ipatupad● Ipatupad ang mga mananalong mga panukala

Mga Kabataang Botante

Mga kabataan sa edad na 13-26 na nakatira, nag-aaral, at nagtrabaho/naglilibang sa Long Beach.

- Dumalo sa mga Presentasyon ng Panukala at ibang mga events ng PB.
- Bumoto para sa 4 na panukala sa Botohan at sa plaatporma ng pagboto online.
- Makilahok sa pagsusuri ng PB.

Mga Kasosyo ng Lungsod at Komunidad

Pangkat ng PB

Kasama sa PB Team ay ang mga pinuno ng staff mula sa Office of Youth Development, Khmer Girls in Action, Ang Nonprofit Partnership, at ang PB Evaluation Team. Ang PB Team ay mayroong pangkalahatang responsibilidad sa pagpapatupad para sa proseo ng PB kasama ang:

- Paggabay sa disenyo ng proseso ng PB kasama ang pag-pasa ng Rulebook at budget.
- Pakikipagunayan ng logistics, pagabot at komunikasyon na kinakailangan para sa proses ng PB.
- Pangangasiwa ng Sesyon ng Impormasyon at mga miting ng Budget Delegate team.
- Training mga Delegado, kalahok, boluntaryo, at mamuno sa pakikilahok ng pangkalahatang mga kabataan.
- Suportahan ang pag-aaral ng proses ng PB.

Office of Youth Development (OYD) – Opisina ng Pagapapaunlad ng Kabataan

Ang Opisina ng Pagapapaunlad ng Kabataan ay isang opisina ng iba't ibang departamento na nasa Health Department ng Lungsod ng Long Beach. Bilang bahagi ng estruktura ng pangangasiwa ng OYD, ang Youth Advisory Council ang nagtitiyak ng isang tunay na pakikilahok ng mga kabataan sa disenyo, pagtatanaw at pagpapatupad ng plano ng estratehiya para sa kabataan.

Long Beach Invest in Youth Coalition (IY) – (Pag-Invest sa Koalisyon ng Kabataan ng Long Beach)

Ang 2022-2023 Long Beach Invest in Youth Coalition ay binubuo ng mga organisasyon para sa kabataan, kasosyo, at mga nanaliksik: Catalyst California, California Conference for Equality and Justice, Californians for Justice, California Faculty Association - Long Beach, Educated Men with Meaningful Messages, Khmer Girls in Action, Long Beach Forward, at Youth Leadership Institute - Long Beach.

- **Khmer Girls in Action (KGA):** Bilang anchor na organisasyon ng Koalisyon ng IY, ang papel ng KGA ay ang anchor para sa pangkalahatang pagpapatupad ng proseso ng PB para makatulong sa paghanay at pagsulong ng

plano ng estratehiya para sa kabataan (YSP), mamuo sa koordinasyon, pagplano ng event at komunikasyon, at seguraduhin ang makabuluhang pakikilahok ng kabataan, pamumuno, at paggawa ng desisyon sa buong proseso.

Ang Nonprofit Partnership (TNP) – Pakikipagsosyo sa Nonprofit

Ang Pakikipagsosyo sa Nonprofit ay naniniwala sa kapangyarihan ng kolaborasyon na nagpapatibay sa mga umunlad na mga komunidad. Ang TNP ay may suporta mula sa 3 proseso ng PB sa Central Long Beach at na nasasabik makipagsosyo sa OYD at KGA para makatulong sa pagusbong ng plano ng estratehiya para sa kabataan (YSP).

- Suportahan ang pangkat ng PB at SC sa pangkalahatang pagpapatupad ng PB.
- Maglabas ng mga kontrata para sa mga mananalong panakula at ipabahagi ang pondo sa mga organisasyon patungo sa pagpapatupad.
- Subaybayan ang mga pagpapatupad ng mga panukala.
- Pag-aralan ang mga nanalong panukala.
- Suportahan ang pagsusuri ng proseso ng PB.

PB Evaluation Team – Pangkat Na Nagsusuri ng PB

Ang PB Evaluation Team ay binubuo nina Gary Hytrek (PhD) Departamento ng Heograpiya ng California State University Long Beach, at Andrés Temblador (MA), isang independyenteng manaliksik ng PB. Ang kanilang papel ay para kumuloketa ng datos sa bawat bahagi ng proseso ng PB at sukatin ang epekto sa mga kalahok para maipalam at mapahusay ng proseso ng PB.

- Konsultahin ang PB Team para masuportahan ang pangkalahatang pagpapatupad ng PB.
- Magbigay ng feedback sa Rulebook at Proseso ng PB.
- Magbigay ng feedback sa mga presentasyon/paguusap na gabay at pagsisikap sa outreach.
- Magbigay ng tech support at training para sa mga platapormang online sa pagboto.
- Lumikha ng plano ng pagsusuri ng proseso kasama ang PB team.
- Magisip ng mga instrumento ng pagkolekta ng datos, at pag-aaral ng datos.
- Kumpletuhin ang Report ng Proseso ng Pag-aaral ng PB (Agosto 2023)

Para sa Marami Pang Impormasyon

Para sa PB at pagiging karapatdapat sa pakikilahok, mag-email sa: youthpowerpblb@tnpsocal.org (youthpowerPBLB)

Para sa tanong mula sa media, mag-email: media@kgalb.org (kgaLB.org)

Websites:

YOUTH POWER PB Long Beach: www.investinyouthlb.org (investinyouthLB)

The Nonprofit Partnership: www.tnpsocal.org

Office of Youth Development and The Youth and Emerging Adults Strategic Plan: www.longbeach.gov/youthdevelopment



@investinyouthlb (investinyouthLB)

@thenonprofitpartnership

@lbhealthdept